# NAT Grade 10 Reviewer

Filipino

Part 1

A. TALASALITAAN

Piliin ang kahulugan ng salitang nasalungguhitan batay sa konteksto ng pangungusap.

1. Sa kabilang silid sa kwarto nina Nanay at Tatay narinig ko ang pigil na paghikbi.
A. pagsasalita
B. pagbulong
C. pag-iyak
D. pagtawa
Answer: C. pag-iyak

2. Makatulong sana kayo upang di maging dungis ng lipunan.
A. makasalanang mamamayan
B. palaaway na kabataan
C. mamamayang mangmang
D. pabigat sa bayan
Answer: A. makasalanang mamamayan

3. Isang dahilan ito ng paglaho niya sa sanlibutan.
A. pagkawala
B. pagwasak
C. paglipat
D. pag-alis
Answer: A. pagkawala

4. Naghahanda ang pamilya ayon sa katas ng kinabuhayan.
A. taon ng paghahanapbuhay
B. kalagayan ng buhay
C. lebel ng hanapbuhay
D. mariwasang buhay
Answer: C. kalagayan ng buhay

5. Ang mga ito'y gawa ng mga taong sukaban.
A. hunghang
B. malupit
C. bastos
D. taksil
Answer: D. taksil

Ibigay ang kasingkahulugan ng salita batay sa kayarian at iba pang katangian nito.

6. Alin sa mga salitang maylapi ang may naiibang kasingkahulugan?
A. malatoy
B. mabango
C. masarap
D. malasa
Answer: C. masarap

7. Labis na iniibig ni James si Vanessa kaya ibibigay niya ang lahat para sa minamahal. Anong salitang inuulit ang maaring ipamalit sa labis na iniibig?
A. baliw na baliw
B. mahal na mahal
C. hibang na hibang
D. sobrang minamahal
Answer: B. mahal na mahal

8. Mas mabuting maging mahirap na alipin ng dukhang panginoon.
A. amo
B. bathala
C. Diyos
D. siga
Answer: B. bathala

Tukuyin ang salitang kapareho o kaugnay na kahulugan.

9. Wagas at dalisay ang pag-iibigan ng mag-asawang Cristy at Jake kaya't sila'y hinahangaan ng magkasintahang ang suyuan din ay walang maliw.
A. mag-asawa at magkasintahan
B. hinahangaan at suyuan
C. pag-iibigan at walang maliw
D. wagas at dalisay
Answer: D. wagas at dalisay

10. Ang pag-unlad at pagsulong ng isang bansa ay nakasalalay sa mga mamamayang may malasakit sa bayan.
A. mamamayan at malasakit
B. nakasalalay at bansa
C. pag-unlad at pagsulong

D. mamamayan at bayan
Answer: A. mamamayan at malasakit

B. Panitikan

11. Ito’y naglalahad ng isang kawil ng mga kawili-wiling pangyayari na hinabi sa isang mahusay na pagkakabalangkas.
A. nobela
B. alegorya
C. sanaysay
D. maikling kuwento
Answer: A. nobela

12. Mga kuwentong madalas na hango sa Bibliya at umaakay sa matuwid na landas ng buhay.
A. dagli
B. nobela
C. pabula
D. parabula
Answer: D. parabula

13. Akdang pampanitikan na naglalahad ng pananaw at opinyon tungkol sa tiyak na paksa.
A. dula
B. tula
C. sanaysay
D. maikling kuwento
Answer: C. sanaysay

14. Isang uri ng kuwento na ang higit na binibigyang-halaga o diin ay kilos o galaw, ang nagsasalita at pangungusap ng tauhan.
A. kuwento ng katutubong kulay
B. kuwentong ng kababalaghan
C. kuwentong makabanghay
D. kuwento ng tauhan
Answer: D. kuwento ng tauhan

15. Tulang may labing-apat na taludtod hinggil sa damdamin, kaisipan at pananaw sa buhay ng tao, may malinaw na kabatiran ng likas na pagkatao.
A. oda
B. dalit
C. soneto

D. elehiya
Answer: B. dalit

16. Tulang pasalaysay na nagsasaad ng kabayanihan ng pangunahing tauhan na nagtataglay ng katangiang nakahihigit sa karaniwang tao na kadalasan ay buhat sa lipi ng mga diyos o diyosa.
A. mito
B. dalit
C. epiko
D. alegorya
Answer: C. epiko

17. Isang liriko o tula na nakasulat bilang papuri o dedikado sa isang tao o isang bagay na kinukuhang interes ang makata o nagsisilbing isang inspirasyon.
A. oda
B. dalit
C. soneto
D. elehiya
Answer: A. oda

18. Ito ay tulang may kinalaman sa guni-guni tungkol sa kamatayan.
A. duplo
B. korido
C. elehiya
D. balagtasan
Answer: C. elehiya

19. Isang uri ng tula, karaniwang panrelihiyon, partikular na nakasulat para sa layunin ng papuri, pagsamba o panalangin at karaniwan ay ipadala sa isang Diyos.
A. oda
B. awit
C. dalit
D. soneto
Answer: B. awit

20. Isang tula na may balangkas at maaaring maikli o mahaba, at ang mga kuwento na may kaugnayan sa maaaring maging simple o komplikadong pangyayari.
A. Tulang dula
B. Tulang liriko
C. Tulang patnigan

D. Tulang pasalaysay
Answer: C. Tulang patnigan

21. Ito ay isang laro sa tula o isang paligsahan sa husay sa pagbigkas at pangangatwiran nang patula.
A. dalit
B. duplo
C. karagatan
D. balagtasan
Answer: D. balagtasan

22. Ito ay patulang binibigkas na kung minsan ay sinasabayan ng ritmo o melodiya ng isang awitin.
A. Tulang dula
B. Tulang liriko
C. Tulang patnigan
D. Tulang pasalaysay
Answer: B. Tulang liriko

Basahing mabuti ang akda at piliin ang tamang sagot batay sa nilalaman, elemento at kakanyahan ng binasa. (Para sa bilang 23-26)

23. Ang paghahanda ng Pagislam ng naaayon sa antas ng kabuhayan. Ang ibig sabihin:
A. maghanda ang may ihahanda
B. mayaman lamang ang may karapatang maghanda
C. ang maykaya lang ang dapat maghanda nang maringal
D. maghanda ang ibig maghandog ng pasasalamat sa abot ng makakaya
Answer: D. maghanda ang ibig maghandog ng pasasalamat sa abot ng makakaya

24. Sa simula pa lamang ay nababakas na ang istilo sa pagsulat ng may-akda hanggang sa pagsunud-sunurin ang tatlong hanay ng kanilang seremonya. Malinaw na kinababakasan ito ng:
A. wakas
B. simula
C. impresyon
D. anyo at forms
Answer: D. anyo at forms

25. Naghahanda ang mga Muslim ng kakaning korteng buaya, ito raw ay para sa kaligtasan ng bata sa paglalakbay sa tubig. Sa katoliko ang iba’y naniniwala pa sa pakikipag-unahan sa paglabas ng simbahan. Ang bata na mauuna sa paglabas ay magiging matalino sa pag-aaral at di patatalo sa labanan. Ito ay isang:
A. palagay
B. kasabihan
C. haka-haka
D. katotohanan
Answer: B. kasabihan

26. Ano ang aral na inihatid ng binasang akda?
A. pagkakaroon ng tiwala sa kapwa
B. pagkakaroon ng pananampalataya
C. pagkilala sa may mataas na antas ng buhay
D. pagsisikap upang di abutin ng pagdarahop sa hinaharap
Answer: D. pagsisikap upang di abutin ng pagdarahop sa hinaharap

27. Ano ang nais ipabatid ng pahayag na "naniniwala ang mga Muslim na ang isang sanggol ay ipinanganak na walang kasalanan"? Na ang mga sanggol ay:
A. katulad ng mga anghel
B. di na kailangang binyagan
C. magkakaroon pa ng seremonya
D. sumailalim sa babasa ng adzan
Answer: A. katulad ng mga anghel

Para sa bilang 28 - 29

DANIELA: Ang lakas talaga ng aking kapangyarihan.
ROMINA: Bakit ganyan ang ugali mo, Daniela?
DANIELA: Bakit? Ano bang ginagawa ng ibang tao? Nagbabalat-kayo at may mga palamuti sa katawan!
ROMINA: Hindi mo ba alam na ang mga palamuti sa katawan ay pagpapakita lang ng pagmamalaki sa ating kaugalian?
DANIELA: Masama ba akong magpakita ng kahit kaunting pagmamalaki sa ating lahi?

28. Ang pahayag na "Bakit? Ano bang ginagawa ng ibang tao?" ay nagpapakita ng:
A. pagkaaligaga
B. pagkabahala
C. pagsisi
D. pagtanggi

Answer: C. pagsisi

29. Ang pahayag na "Nagbabalat-kayo at may mga palamuti sa katawan!" ay nagpapakita ng:
A. pagkapoot
B. pagkabahala
C. pagkagulat
D. pagkamuhi
Answer: D. pagkamuhi

30. Ang pagkakaroon ng pakikisalamuha sa ibang kultura at pagtanggap sa kanilang mga pamamaraan ay isang halimbawa ng:
A. pagpapahalaga
B. pag-aaruga
C. pagpapahayag
D. pagkamakatao
Answer: A. pagpapahalaga